# FIQH
# 2

**ISINALIN SA TAGALOG NI:**
**MOHAMMAD TAHA ALI**

# فقه

[باللغة الفلبينية (تجالوج)]

**ترجمة:**
**محمد طه علي**


المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

# ANG KAHALAGAHAN NG KAALAMAN

Ang Allah ay nagsabi sa banal na Quran: ﴿يَرْفَعِ اللَّهُ الَّذِيْنَ آمَنُوْا مِنْكُمْ وَالَّذِيْنَ أُوْتُوا الْعِلْمَ دَرَجَاتٍ﴾

{Iaangat ng Allah ang mga nagsisampalataya sa inyo at sila na pinagkalooban ng kaalaman sa matataas na antas}. Al-Mujadalah (58): 11

Sinabi pa Niya: ﴿وَقُلْ ربِّ زِدْنِيْ عِلْماً﴾

{At sabihin mo (O Muhammad ﷺ): Panginoon ko! Dagdagan Mo ako ng kaalaman}. Taha (20): 114

At si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(مَنْ سَلَكَ طَرِيْقاً يَلْتَمِسُ فِيْهِ عِلْماً، سَهَّلَ اللهُ لَهُ طَرِيْقاً إِلَى الْجَنَّةِ)

"Ang sinumang tumahak ng daan sa paghahanap ng kaalaman ditto ay pagagaanin ng Allah para sa kanya ang daan patungong Paraiso"]. Isinalaysay ni Muslim

# MGA MAGAGANDANG ASAL SA PALIKURAN

1- Ang pag-du`a bago pumasok sa palikuran. (اَللَّهُمَّ إِنِّيْ أَعُوْذُ بِكَ مِنَ الْخُبْثِ وَالْخَبَائِثِ)

[O Allah! Ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaki at mga babaing demunyo].

2- Ang pagtatabing.
3- Ang hindi pagharap sa Qiblah.
4- Ang pag-upong patingkayad.
5- Ang pag-iwas sa mga tilamsik ng ihi at sa mga nagkakalat na dumi.
6- Ang pag-iwas sa pagsasalita.
7- Ang paglayo sa mga lugar na ipinagbabawal dumihan.
8- Ang paglilinis, at ang pamamaraan nito ay ang sumusunod:
1) Ang paggamit ng kaliwang kamay.
2) Ang paghuhugas ng tubig (**Al-Istinja**).
3) Ang paglilinis sa pamamagitan ng mga bagay na tuyo (**Al-Istijmar**)
9- Ang pag-du`a sa paglabas: (**Gufranak**).
10- Ang iuna sa pagpasok ang kaliwang paa at ang kanang paa sa paglabas.

# SUNAN AL-FITRAH

(Mga mabubuting kalikasan)

1- Ang paglilinis ng ngipin sa pamamagitan ng Siwak.
2- Ang pag-aahit ng buhok sa maselang bahagi ng katawan at pagbubunot ng kilikili.
3- Ang pag-tutuli.
4- Ang pagputol sa bigute at pagpapahaba ng balbas.
5- Ang pagputol sa mahahabang kuko.

# AT-TAYAMMUM

(Kapalit ng Wudu' o Ghusl sa paglilinis)

Ang Allah ay nagsabi:

﴿وَإِنْ كُنْتُمْ مَرْضَى أَوْ عَلَى سَفَرٍ أَوْ جَآءَ أَحَدٌ مِنْكُمْ مِنَ الْغَائِطِ أَوْ لَامَسْتُمُ النِّسَآءَ فَلَمْ تَجِدُوْا مَآءً فَتَيَمَّمُوْا صَعِيْداً طَيِّباً فَامْسَحُوْا بِوُجُوْهِكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ مِنْهُ مَا يُرِيْدُ اللهُ لِيَجْعَلَ عَلَيْكُمْ مِنْ حَرَجٍ وَلَكِنْ يُرِيْدُ لِيُطَهِّرَكُمْ وَلِيُتِمَّ نِعْمَتَهُ عَلَيْكُمْ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُوْنَ﴾

{Datapuwa't kung kayo ay may karamdaman o nasa paglalakbay, o kung sinuman sa inyo ang nanggaling sa pananabi (pag-ihi o pagdumi), o nakahaplos ng babae (nakipagtalik sa asawa), at kayo ay hindi makatagpo ng tubig, kung gayon, magsagawa kayo ng Tayammum (paglilinis) sa pamamagitan ng malinis na lupa (bilang kapalit ng tubig), at ihaplos ito sa inyong mukha at mga kamay. Ang Allah ay hindi naghahangad na kayo ay pahirapan dito, datapuwat nais Niya na kayo ay dalisayin, at upang ganap Niyang maipagkaloob sa inyo ang Kanyang biyaya, baka sakaling kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat}. Al-Maidah (5): 06

**Kailan ipinapahintulot ang pagsasagawa ng Tayammum:**

1- Kapag walang tubig.

2- May tubig, ngunit kakailanganin ng tao sa pag-inom.

3- Kung makakasama ang tubig sa kalusugan ng tao. Tulad halimbawa ng: (Sugatan o may karamdaman).

4- Kung ang tubig ay masyadong malamig at hindi kayang painitin.

**Puna:** Maaaring magsagawa ng Tayammum sa paligo (Ghusl) o sa paghuhugas (Wudu').

**Ang pamamaraan ng pagsasagawa sa Tayammum:**

1- Gumamit ng malinis na buhangin na nasa ibabaw ng lupa.

2- Isaloob ang layunin sa paglilinis.

3- Bigkasin ang **Bismillah** (Sunnah).

4- Sinabi ni `Ammar bin Yasir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah):

(فَأَجْنَبْتُ، فَلَمْ أَجِدِ الْمَاءَ، فَتَمَرَّغْتُ فِي الصَّعِيدِ كَمَا تَمَرَّغُ الدَّابَّةُ، ثُمَّ أَتَيْتُ النَّبِيَّ ﷺ فَذَكَرْتُ ذَلِكَ لَهُ، فَقَالَ: إِنَّمَا كَانَ يَكْفِيْكَ أَنْ تَقُوْلَ هَكَذَا، وَضَرَبَ بِيَدَيْهِ إِلَى الْأَرْضِ، فَنَفَضَ يَدَيْهِ فَمَسَحَ وَجْهَهُ وَكَفَّيْهِ).

[Minsan, ako ay nasa kalagayan ng Junub at wala akong matagpuang tubig, kaya ako ay nagpagulong-gulong sa lupa gaya ng paggulong-gulong ng isang hayop, pagkatapos ay pumunta ako sa Propeta (ﷺ) at binanggit ko sa kanya iyon. Datapuwat kanyang sinabi: "Sapat na sa iyo ang ganitong gawin mo, at kanyang itinapik ang dalawa niyang kamay sa lupa, pagkatapos ay kanyang hinipan ito at inihaplos sa kanyang mukha at mga kamay"]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

**Puna:** Hahaplusin ng kaliwang kamay ang kanan at ng kanang kamay ang kaliwa hanggang sa may pulso.

5- Hipan ang dalawang kamay kapag ang lupa ay masyadong maalikabok (Sunnah).

**Ang nakakasira sa Tayammum:**

1- Ang lahat ng mga nakakasira sa **Wudu** o **Ghusl**.

2- Kapag may natagpuang tubig at maaaring gamitin ito.

# ANG ADHAN AT IQAMAH

(Panawagan sa ubligadong Salah).

**Ang kahalagahan ng Adhan:**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa isang Hadith:

(فَإِنَّهُ لَا يَسْمَعُ مَدَى صَوْتِ الْمُؤَذِّنِ جِنٌّ وَلَا إِنْسٌ وَلَا شَيْءٌ إِلَّا شَهِدَ لَهُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ). رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

[Katotohanang walang nakakarinig sa naaabot ng boses ng Muadhen (tagatawag ng Salah) na jinn, tao at anumang bagay kundi ito'y magsasaksi para sa kanya sa kabilang buhay]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

**Ang pamamaraan ng Adhan:**
1- **Allaahu akbar, allaahu akbar** (Ang Allah ang pinakadakila).
2- **Allaahu akbar, allaahu akbar** (Ang Allah ang pinakadakila).
3- **Ash-hadu allaa ilaaha illallaah, ash-hadu allaa ilaaha illallaah** (Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah).
4- **Ash-hadu anna muhammadan rasoolullaah, ash-hadu anna muhammadan rasoolullaah** (Ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah).
5- **Hayya `alas salaah, hayya `alas salaah** (Halina sa pagsasagawa ng Salah).
6- **Hayya `alal falaah, hayya `alal falah** (Halina sa tagumpay).
7- **Allaahu akbar, allaahu akbar** (Ang Allah ang pinakadakila).
8- **Laa ilaaha illallaah** (Walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah).

**Puna:**
Idinadagdag sa Salatul Fajr pagkatapos ng **(Hayya `alal falaah, hayya `alal falah)** ang: **as-salaatu khairun minan naum, as-salaatu khairun minan naum** (Ang Salah ay mas mainam kaysa sa pagtulog).

Sa sinumang nakakarinig ng Adhan makabubuting inuulit niya ang binibigkas ng Muaddhin habang nananawagan.

**Puna:**
Maliban ang **Hayya `alas salaah** at **Hayya `alal falaah** dahil ang binibigkas dito ay **Laa hawla wala quwwata illa billaah** (Walang may kapangyarihan at lakas maliban sa Allah).

**Ang Du`a (panalangin) pagkatapos ng Adhan:**
**"Allaahumma rabba haadihid da`watit taam-mati wa salaatil qaa-imati ati muhammadan al-waseelata wal fadheelata wab`athu maqaamam mahmoodan alladhi wa `adtahu"**[1]

[1] (O Allah! Ang Panginoon ng ganap na panawagang ito at ng Salah na isasagawa, bigyan Mo po si Muhammad ng karapatang mamagitan at kalamangan (sa lahat ng nilikha) at dalhin Mo po siya sa pinakatampok na bahagi ng Paraiso na siya Mong ipinangako).

Si Jabir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(مَنْ قَالَ حِيْنَ يَسْمَعُ النِّدَاءَ: اَللَّهُمَّ رَبَّ هَذِهِ الدَّعْوَةِ التَّامَّةِ وَالصَّلَاةِ الْقَائِمَةِ، آتِ مُحَمَّدًا الْوَسِيْلَةَ وَالْفَضِيْلَةَ، وَابْعَثْهُ مَقَامًا مَحْمُوْدًا الَّذِيْ وَعَدْتَهُ، حَلَّتْ لَهُ شَفَاعَتِيْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ).

"Ang sinumang magsabi matapos na marinig ang Adhan (panawagan para sa Salah): **Allaahumma rabba haadi-hid da`watit tam-mati was salaatil qaa-imati ati muhammadan al-waseelata wal fadeelata wab `ath-hu maqaamam mahmoodan alladhee wa `adtahu**, ay magiging karapat-dapat para sa kanya ang aking pamamagitan sa kabilang buhay"]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

At si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat din, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(الدُّعَاءُ لَا يُرَدُّ بَيْنَ الْأَذَانِ وَالْإِقَامَةِ)

"Ang Du`a (panalangin) sa pagitan ng Adhan at ng Iqamah ay hindi natatanggihan"]. Isinalaysay ni Abu Daud at At-Tirmidhi.

**Ang pamamaraan sa pagsasagawa ng Iqamah:**

1- Allaahu akbar, allaahu akbar
2- Ash-hadu allaa ilaaha illallaah
3- Ash-hadu anna muhammadan rasoolullaah
4- Hayya `alas salaah
5- Hayya `alal falaah
6- Qad qaamatis salaah, qad qaamatis salaah
7- Allaahu akbar, allaahu akbar
8- Laa ilaaha illallaah

## AL-SUTRAH

(Ang isang bagay na inilalagay sa harapan ng nagsasalah)

1- Ano mang bagay na maaaring ipangharang sa bandang harapan ng nagsasalah.
2- Mas mainam na kasing haba ng braso ang taas nito.
3- Ang pangharang ng Imam ay siya na ring pangharang ng mga sumusunod.

**<u>Puna</u>:**

Ipinagbabawal ang pagdaan sa harapan ng taong nagsasagawa ng Salah, sa ganitong kalagayan dapat lang na pigilan ng nagsasalah ang sinumang dumadaan sa kanyang harapan.

# SUJOOD AS-SAHU

(Dalawang patirapa para sa pagkakamali sa Salah)

**Ang pamamaraan sa pagsasagawa ng Sujood As-Sahu :**

Si Ibn Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(إِذَا زَادَ الرَّجُلُ أَوْ نَقَصَ، فَلْيَسْجُدْ سَجْدَتَيْنِ)

"Kapag nadagdagan ng isang lalaki (ang kanyang salah) o nabawasan, magkagayun kailangan niyang magpatirapa ng dalawang ulit"]. Isinalaysay ni Muslim

- Isinasagawa ang dalawang Sujood (patirapa) bago magsagawa ng Tasleem o pagkatapos nito.

**Kailan maaring isagawa ang Sujood As-sahu:**
1- Kapag nakalimutan ng isang tao at kanyang nadagdagan ang isinasagawa niyang Salah.
**Halimbawa**:
Kapag ang isang tao ay nagsasagawa ng Salah sa Dhuhr at siya ay tumayo para sa ika-limang rak`ah, ngunit kanyang naalaala ito, sa gayon agad siyang uupo at basahin niya ang huling Tashahhud, pagkatapos ay isagawa niya ang Sujood As-sahu at magsagawa ng Tasleem.
**Puna:**
Kung ito'y naalaala ng isang tao pagkatapos na niyang maisagawa ang Salah, maaari pa rin niyang isagawa ang Sujood As-sahu at pagkatapos ay magsagawa siya ulit ng Tasleem (kung hindi gaano masyadong matagal ang naging agwat nito).
2- Kapag nakalimutan ng isang tao ang isang Rukn (saligan), ubligado siyang balikan ito at isagawa niya ang naturang Rukn.
**Halimbawa:**
Kapag ang isang tao ay nagsasagawa ng Salah sa Dhuhr at kanyang naalaala na tatlong rak`ah lamang ang naisagawa niya habang nasa huling Tashahhud siya, ubligado siyang tumayo para sa ika-apat na rak`ah at kumpletuhin niya ito, at pagkatapos ng huling Tashahhud ay isagawa niya ang Tasleem, at pagkatapos ay magsagawa ng Sujood As-sahu.
3- Kapag nakalimutan ng isang tao ang isang Wajib (kanais-nais) at hindi niya ito naisagawa, sa ganitong kalagayan ay hindi ubligadong balikan pa niya ito para isagawa ang naturang Wajib.
**Halimbawa:**
Kapag ang isang tao ay nagsasagawa ng Salah sa Dhuhr at kanyang naalaala – pagkatapos nang makatayo ng ganap sa ikatlong rak`ah – na hindi niya nabasa ang unang Tashahhud, sa gayon hindi na kailangang balikan pa niya ito, subalit kailangan niyang magsagawa ng Sujood As-sahu at pagkatapos ay magsagawa ng Tasleem.

Subalit, kung naalaala niya ito bago siya tuluyang makatayo, maaari niyang balikan ito para basahin ang unang Tashahhud at pagkatapos ay kumpletuhin niya ang Salah, datapuwat kailangan pa rin niyang magsagawa ng Sujood As-sahu at pagkatapos ay magsagawa ng Tasleem.

4- Kapag ang isang tao ay nagdadalawang isip sa bilang ng rak-ah na kanyang naisagawa, ang dapat niyang gawin at desisyunan ay piliin kung ano ang pinakamababang bilang.

**Halimbawa:**

Kung ang isang tao ay nagsasagawa ng Salah sa Dhuhr at siya'y nagdadalawang isip sa ika-tatlong rak`ah, kung ito ba'y ikatlo o ikaapat, ang dapat niyang gawin ay kanyang piliin ang pinakamababang bilang (ang ikatlo), at pagkatapos ng huling Tashahhud ay magsagawa siya ng Sujood As-sahu at pagkatapos ay magsagawa ng Tasleem.

**Puna:**

Kapag ang isang tao ay nagsasagawa ng Salah sa likuran ng Imam at napansin niyang nakalimutan ng Imam ang isang bahagi ng Salah at maari naman niyang paalalahanan ito. Sa ganitong kalagayan, siya ay magsasabi ng: **Subhaanallaah** (Kaluwalhatian sa Allah).

# SALAT AL-JUMU`AH

**(Salah sa araw ng Biyernes)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Quran:

﴿يَاأَيُّهَا الَّذِيْنَ آمَنُوْا إِذَا نُوْدِيَ لِلصَّلَاةِ مِنْ يَوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا إِلَى ذِكْرِ اللهِ وَذَرُوا الْبَيْعَ ذَلِكُمْ خَيْرٌ لَكُمْ إِنْ كُنْتُمْ تَعْلَمُوْنَ﴾

{O kayong nagsisampalataya! Kapag ang panawagan sa Salah (pagdarasal) sa araw ng Biyernes ay itatawag, sa gayon ay magmadali kayong tumungo sa pag-alaala sa Allah at lisanin ninyo ang pagbebenta, sapagkat ito ang higit na mainam para sa inyo kung inyo lamang nalalaman}. Al-Jumu`ah (62): 09

**Ang kabutihan ng Jumu`ah:**

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(خَيْرُ يَوْمٍ طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ يَوْمُ الْجُمُعَةِ، فِيهِ خُلِقَ آدَمُ، وَفِيهِ أُدْخِلَ الْجَنَّةَ، وَفِيهِ أُخْرِجَ مِنْهُ، وَلَا تَقُوْمُ السَّاعَةُ إِلَّا فِيْ يَوْمِ الْجُمْعَةِ).

"Ang pinakamagandang umaga na sinisikatan ng araw ay ang araw ng Jumu`ah (Biyernes), sapagkat sa araw na ito nilikha si Adam, sa araw din na ito siya ipinasok sa Paraiso at pinalabas mula rito, at hindi magaganap ang Oras (ng paggunaw sa mundo) kundi sa araw ng Jumu`ah"]. Isinalaysay ni Muslim

**Ang mga kundisyon ng Salatul Jumu`ah:**

1- **Ang oras nito**: Katulad ng takdang oras ng Salah sa Dhuhr.

2- **Ang bilang ng tao**: Hindi dapat bababa ng tatlo, kasama na doon ang Imam.

3- **May dalawang Khutbah**: Pupurihin niya rito ang Allah at manalangin ng pagpapala para sa Propeta, pangangaralan ang mga tao at paalalahanan tungkol sa Allah, at paiikliin ang talumpati.

4- **Ang bilang ng Rak`ah**: Dalawang rak`ah, at pinapalakas ang pagbabasa sa dalawang rak`ah na ito.

**<u>Puna:</u>**

Kapag dumating ang isang tao sa Salatul Jumu`ah pagkatapos ng ikalawang rak`ah, hindi na niya inabot ang Salah sa Jumu`ah, kaya ubligado siyang magsagawa ng Salah ng apat na rak`ah para sa Dhuhr.

Tungkol naman sa Sunnah na Salah: Apat na rak`ah sa Masjid o dalawang rak`ah sa bahay.

**Ang mga bagay na dapat iwasan:**

1- Hindi nararapat na magsalita habang isinasagawa ang **Khutbah** (talumpati).

2- Dapat iwasan ang mga bagay na nakatatawag ng pansin habang isinasagawa ang Khutbah.

3- Hindi dapat hinahakbangan ang balikat ng mga tao sa Masjid.

**Ang mga Mustahab (mabubuting gawain):**
1- Ang pagligo at pagsusuot ng pinakamagandang damit.
2- Ang maagang pagpunta sa Masjid.
3- Ang ipanalangin ang Propeta (ﷺ) ng maraming ulit.
4- Ang pagbasa sa Surah Al-Kahf.
5- Ang pag-du`a sa mga huling oras ng Jumu`ah.

**Pamamaraan ng Pagsasagawa sa Khutbah.**

1- Tatayo ang Imam sa **Mimbar** (entablado) at haharap sa mga tao at magsasabi ng: **Assalamu alaikum warah matullaahi wabarakaatuhu**.
2- Uupo ang Imam at pagkatapos ay manawagan ang Muaddhin.
3- At pagkatapos ay tatayo ang Imam ulit at uumpisahan ang unang **Khutbah** (talumpati).
4- Ang mga sangkap ng Khutbah:
1. Ang pagsabi ng **Alhamdulillah** (ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah).
2. Ang pagsabi ng: **Assalaatu wassalaamu `ala rasoolillah** (ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Sugo ng Allah).
3. Ang pagbibigay aral sa mga tao tungkol sa **Taqwa** (wagas na pagkatakot sa Allah).
4. Ang pagbasa ng talata mula sa Quran.
5. Ang pagbibigay ng Khutbah sa mga tao na may paksang nagpapatibay ng kanilang pananampalataya sa Allah at lulutas sa kanilang pangkasalukuyang mga suliranin.
6. Ang manalangin sa Allah para sa sariling kapatawaran at sa mga mananampalataya: **Astagh-firullah** (ako'y humihiling ng kapatawaran sa Allah).
7. Dapat ay maging maikli lamang ang Khutbah at kapaki-pakinabang.
**Puna:**
Mas mainam na pinalalakas ng Imam ang kanyang boses sa Khutbah.
8. Maupo nang saglit ang Imam pagkatapos ng unang Khutbah.
9. Tatayo ang Imam at uumpisahan ang ika-lawang Khutbah. (Babanggitin niya ang lahat ng sangkap ng Khutbah na nasa itaas).
10. Sunnah ang pagbasa sa Surah al-A`la (87) at pagkatapos ay ang Surah al-Ghashiyah (88) kung minsan.

# SALAT AL EID
**(ang Salah sa Eid)**

Ang **Eid Al-Fitr** (unang araw sa buwan ng Shawwal), at **Eid Al-Adha** (Ika-10 sa buwan ng Dhul-Hijja).

**Ang kahulugan ng Eid:**
Tinawag itong Eid (sa literal na kahulugan) dahilan sa ito'y pabalik-balik at paulit-ulit, at dahilan sa may nagaganap dito na pagtitipon, samakatuwid ito ay araw ng pagsasaya, bagkus ang mga araw ng Eid ay araw ng pagkain, pag-inom at pag-gunita sa Allah.

**Ang mga kundisyon ng Salatul Eid:**
1- **Ang oras nito**: Pagkatapos sumikat ng araw (isang oras at kalahati pagkatapos ng Salah sa Fajr).
2- **Ang bilang ng rak`ah nito**: Binubuo ng dalawang rak`ah at pinapalakas ang pagbasa sa mga ito.
***** Ito'y isinasagawa ng walang Adhan at Iqamah.
***** Sa unang rak`ah anim na Takbir (pagkatapos ng Takbeeratul Ihram).
***** Sa ikalawang rak`ah limang Takbir (pagkatapos ng Takbeeratul Qiyam).
3**- Binubuo ito ng dalawang Khutbah**: Isinasagawa pagkatapos ng Salatul Eid.

**Ang mga Mustahab (Kaaya-ayang gawain):**
1- Ang maligo at magsuot ng pinakamaganda at malinis na damit.
2- Sunnah ang kumain ng Tamr na gansal o patlang na bilang bago magsagawa ng Salah sa Eid Al-Fitr.
3- Sunnah ang pagsasagawa ng Salah sa labas ng siyudad o sa labas ng Masjid, at Sunnah din ang pagpunta sa Salah sa Eid nang naglalakad sa isang daan at sa ibang daan naman sa pag-uwi.
4- Ang pagsasagawa ng Takbir: **Allaahu akbar, allaahu akbar, laa ilaaha illallaah, allaahu akbar, allaahu akbar, wa lillaahil hamd.**

**Puna:** Hindi ipinahihintulot ang pagsasagawa ng Takbir nang sabay-sabay.

# SALAT AL-JANAZAH

(Ang Salah na isinasagawa para sa isang yumaong Muslim)

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(مَنْ شَهِدَ الجنَازَةَ حَتَّى يُصَلِّي عَلَيها فَلَهُ قِيْرَاطٌ، وَمَنْ شَهِدَهَا حَتَّى تُدْفَنَ فَلَهُ قِيْرَاطَانِ، قِيْلَ: وَمَا الْقِيْرَاطَانِ؟ قَالَ: مِثْلُ جَبَلُ أُحُدٍ)

"Ang sinumang dumalo para sa isang yumaong Muslim hanggang sa pagsagawaan ito ng Salah, mapapasakanya ang isang Qirat, at kung siya ay dumalo pa hanggang sa mailibing ito, mapapasakanya ang dalawang Qirat. May isang nagtanong: Ano po ang Qirat?. Siya (ﷺ) ay nagsabi: Kasing tulad ng bundok ng Uhod"]. Isinalaysay ni Muslim

**Ang pamamaraan sa pagsasagawa ng Salatul Janazah:**

1- Ilalagay ang yumaong Muslim sa pagitan ng Imam at ng Qiblah.

**Puna:** Tatayo ang Imam sa tapat ng ulo ng lalaking patay at sa tapat ng baywang ng babaeng patay.

2- Isagawa ang unang Takbir (**Allaahu akbar**) at basahin ng lahat ang Al-Fatihah nang tahimik.

3- Isagawa ang ikalawang Takbir at basahin ang ikalawang bahagi ng huling Tashahhud nang tahimik (**Allaahumma salli `alaa muhammad**…………….).

4- Isagawa ang ikatlong Takbir at bigkasin nang tahimik ang panalangin para sa patay.

**Halimbawa**:

**"Allaahummagh fir lahu, warhamhu, wa `afihi, wa`fu anhu, wakrim nuzulahu, wa wassi` mud-khalahu, wag-silhu bil ma-i, wath-thalji, wal baradi, wa naqqehi minal khataaya, kama yunaqqath thawbal abyadu minad danas, wab-dilhu daaran khayran min daarihi, wa ahlan khayran min ahlihi, wa zawjan khayran min zawjihi, wad-khilhu al-jannah, wa qihi fitnatal qabr, wa adhaaban nar."**[2]

5- Isagawa ang ika-apat na Takbir at pagkatapos ay magsagawa ng Taslim sa bandang kanan lamang.

**Ang pagpapaligo sa katawan ng yumaong Muslim:**

1- Papaliguan ng lalaki ang lalaki at ng babae ang babae, at maaari ring paliguan ng mag-asawa ang bawat isa sa kanila.

2- Huhubaran ng damit ang patay at ubligadong takpan ang maselang bahagi ng katawan nito.

---

[2] (O Allah! Bigyan Mo po siya ng kapatawaran at kahabagan Mo po siya, pagbigyan at pagpasinsyahan Mo po siya, ibigay Mo po sa kanya ang mabuting hantungan at palawakin Mo po ang kanyang libingan, at paliguan Mo po siya ng tubig, niyebe at ulang may yelo, at linisan Mo po siya mula sa mga kasalanan niya tulad ng paglilinis sa puting damit mula sa dumi, at palitan Mo po ang kanyang tirahan ng mas maganda kaysa dati niyang tirahan, pamilya na mas mabuti kaysa dati niyang pamilya, asawa na mas maganda kaysa dati niyang asawa, at papasukin Mo po siya sa Paraiso, at iligtas Mo po siya sa pagdurusa sa loob ng libingan at pasakit sa Impiyerno).

3- Itataas nang kaunti ang likod at pipisilin nang banayad ang tiyan nito para maalis ang lahat ng marumi.

**Puna:** Dapat gumamit ng maraming tubig habang naglilinis.

4- Aalisin ang mga maruruming bagay sa ibang parte ng kanyang katawan sa pamamagitan ng paggamit ng guwantes.

5- Isasagawa ang Wudu' para sa kanya.

6- Unang huhugasan ang kanang bahagi ng katawan niya at pagkatapos ay ang kaliwang bahagi.

**Puna:**

* Ang isang beses na pagpapaligo sa katawan ng yumao ay ubligado.

* Sunnah ang tatlong beses na pagpapaligo sa kanya, datapuwat mas mainam na paliguan ang katawan niya ng may mansanitas o sabon, at ang panghuling panghugas ay may camphor o pabango.

7- Kailangang putulan ang bigote niya, ang kuko at ang buhok ng kili-kili kung ang mga ito ay mahahaba.

8- Kailangang itarintas ang buhok ng babae sa tatlong bahagi.

**Ang pagbabalot sa katawan ng yumaong Muslim:**

**1- Ang pagbabalot sa lalaking namatay:**

Mas mainam na ibalot ang patay sa tatlong **Lifafah** (pambalot sa buong katawan ng patay), malinis, puti at mabango.

**2- Ang pagbabalot sa babaeng namatay:**

Mas mainam na ibalot ang babaeng patay sa limang tela, **Izar** (isang tela na ipinantatapis sa baywang nito) **Dira'** (maluwang na panlabas na kasuutan) **Khimar** (panakip sa ulo at mukha) at dalawang Lifafah na malinis, puti at mabango.

**Ang paglibing sa bangkay ng yumaong Muslim:**

1- Ubligadong malalim at maluwang ang loob ng libingan.

2- Mas mainam na may **Lahd** (ukab sa bandang Qiblah) sa loob ng libingan.

3- Ubligadong pahigain ang katawan ng patay na nakatagilid, sa bandang bahagi ng kanyang kanan na nakaharap sa Qiblah.

4- Ubligadong itaas ang puntod sa lupa ng higit sa isang dangkal.

# SALAT AT-TATAWWU'

(Mga kusang loob na Salah)

**Ang katangian ng Salah At-Tatawwu':**
Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa isang Hadith:

(إِنَّ أَوَّلَ مَا يُحَاسَبُ بِهِ الْعَبْدُ يَوْمَ الْقِيَامَةِ مِنْ عَمَلِهِ الصَّلَاةُ فَإِنْ صَلُحَتْ فَقَدْ أَفْلَحَ وَأَنْجَحَ وَإِنْ فَسَدَتْ فَقَدْ خَابَ وَخَسِرَ، فَإِنِ انْتَقَصَ مِنْ الفَرِيْضَةِ شَيْءٌ، قَالَ اللهُ: انْظُرُوْا هَلْ لِعَبْدِيْ مِنْ تَطَوُّعٍ فَيُكَمَّلَ بِهَا مَا انْتَقَصَ مِنْ الفَرِيضَةِ؟)

[Ang unang sisiyasatin sa mga gawain ng isang lingkod sa kabilang buhay ay ang tungkol sa Salah, na kapag mabuti ang naging resulta nito, siya ay magtatagumpay at maliligtas. datapuwat kapag masama, siya ay mapapabilang sa mga bigo at talunan, at kapag nagkulang ang Salah niya na ubligado. Sasabihin ng Allah: {Tingnan ninyo kung may mga kusang loob na Salah ang aking lingkod at idagdag ito sa pinagkulangan ng kanyang ubligadong Salah}]. Isinalaysay ni At-Tirmidhi

# AS-SUNAN AR-RAWATIB

( Ang Salah na kusang loob na kaugnay sa ubligadong Salah)

1- Dalawang rak`ah bago magsagawa ng Fajr.
* Sunnah ang pinapaikli ito.
* Sunnah na basahin ang Surah al-Kafirun sa unang rak`ah at ang Surah al-Ikhlas sa ikalawang rak`ah paminsan-minsan.
2- Apat na rak`ah bago isagawa ang Dhuhr at dalawang rak`ah pagkatapos nito.
3- Dalawang rak`ah pagkatapos ng Maghrib.
* Sunnah na basahin ang Surah al-Kafirun sa unang rak`ah at ang Surah al-Ikhlas sa ikalawang rak`ah paminsan-minsan.
4- Dalawang rak`ah pagkatapos ng Isha.

# SALAT AL-LAIL

(Salah sa gabi)

1- Si Ibn Umar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: [Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(صَلَاةُ اللَّيْلِ مَثْنَى مَثْنَى، فَإِذَا خِفْتَ الصُّبْحَ فَأَوْتِرْ).

"Ang Salah sa gabi ay binubuo ng tig-dadalawang (rak`ah), datapuwat kung ikaw ay nangangamba sa pagsapit ng Salah sa madaling araw, magsagawa ka na ng Salah na Witr"]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim
2- Ang oras nito: Pagkatapos ng Salah sa Isha hanggang Fajr, datapuwat mas mainam na isasagawa ito sa huling ikatlong bahagi ng gabi.
3- Isinasagawa ng Sugo ng Allah ang Salatul Lail ng may (**11**) rak`ah at kung minsan ay (**13**) rak`ah.
4- Sunnah sa pinaka-huling rak`ah na tatlo, na kung minsan ay basahin ang Surah Al-A`la, Surah Al-Kafirun at ang Surah Al-Ikhlas.
5- Mas mainam na pinatatagal ang pagyuko (Ruku`) at ang pagpapatirapa (Sujood).

## SALAT AD-DUHA

(Salah sa umaga pagkasikat ng araw)

1- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi:

(أَوْصَانِيْ خَلِيْلِيْ بِصِيَامِ ثَلَاثَةَ أَيَّامٍ مِنْ كُلِّ شَهْرٍ، وَرَكْعَتَيْ الضُّحَى، وَأَنْ أُوْتِرَ قَبْلَ أَنْ أَرْقُدَ).

[Pinayuhan ako ng matalik kong kaibigan na mag-ayuno ako ng tatlong araw buwan-buwan, at magsagawa ng dalawang rak`ah para sa Salat Ad-Duha at Salah sa Witr bago ako matulog]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

2- Ang oras nito: Magsisimula pagkatapos sumikat ng araw hanggang sa pagsapit ng tanghaling tapat.

3- Ang mga rak`ah nito: Dalawang rak`ah hanggang walo.

## DU`A AL-ISTIKHARAH

(Ang panalangin para sa pagsasangguni)

1- Ang bilang ng mga rak`ah nito: Dalawang rak`ah.

2- At pagkatapos ay magsagawa ng Du`a na hinahangad ang opinion o patnubay ng Allah para sa isang mahalagang bagay o pasiya.

## TAHIYYAT AL-MASJID

(Pag-alay ng Salah bilang paggalang sa Mosque)

Si Abu Qatadah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

(إِذَا دَخَلَ أَحَدُكُمْ الْمَسْجِدَ فَلْيَرْكَعْ رَكْعَتَيْنِ قَبْلَ أَنْ يَجْلِسَ).

"Kapag pumasok ang isa sa inyo ng Masjid ay magsagawa muna ng dalawang rak`ah bago umupo"]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

## SUNNAT AL-WUDU'

Pagsasagawa o pag-aalay ng Salah na binubuo ng dalawang rak`ah pagkatapos magsagawa ng Wudu' o Ghusl (paligo).

## SUJOOD AT-TILAWAH

Isang patirapa na isinasagawa kapag nakabasa o nakarinig ng isang Ayah mula sa Banal na Qur'an na itinatagubilin dito ang pagpapatirapa, at ito'y labing limang Ayah lamang matatagpuan sa Qur'an.

# SUJOOD AS-SHUKR

(Isang patirapa bilang pasasalamat)

1- Si Abu Bakrata (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi:

(أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ كَانَ إِذَا أَتَاهُ أَمْرٌ يَسَّرَهُ أَوْ بُشِّرَ بِهِ خَرَّ سَاجِدًا شَكَرًا لِلَّهِ تَعَالَى).

[Katotohanang kapag dumarating sa Propeta (ﷺ) ang isang bagay na nagpapagaan ng kanyang kalagayan o nakapagbibigay sa kanya ng magandang balita, siya ay agad na nagpapatirapa bilang pasasalamat sa Allah]. Isinalaysay ni Abu Daud, At-Tirmidhi at Ibnu Majah

2- Hindi na kailangan dito ang Wudu' sa sandaling isagawa ito.

**Mga Oras na Ipinagbabawal dito ang Pagsasagawa ng Salah.**

1- Pagkatapos ng Salah sa Fajr hanggang sa pagsikat ng araw na kasing haba ng busug ng pana.
2- Kapag pumagitna ang araw sa katanghaliang tapat.
3- Pagkatapos ng Salah sa Asr hanggang sa paglubog ng araw.

# SALAT AL- MAREEDH

(Ang pagdarasal ng taong may karamdaman)

Sinabi ng Allah: ﴿لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا﴾

{Ang Allah ay hindi nagbibigay ng anumang pasanin sa isang kaluluwa maliban sa abot ng kanyang makakaya}. Al-Baqarah (2): 286

Sinabi ni Imran bin Husain:

(كَانَتْ بِي بَوَاسِيْرُ، فَسَأَلْتُ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ عَنْ الصَّلَاةِ، فَقَالَ: (صَلِّ قَائِمًا، فَإِنْ لَمْ تَسْتَطِعْ فَقَاعِدًا، فَإِنْ لَمْ تَسْتَطِعْ فَعَلَى جَنْبٍ).

[Noong ako'y may almuranas pa, tinanong ko ang Propeta (ﷺ) tungkol sa Salah, at kanyang sinabi: "Isagawa mo ang Salah nang nakatayo, at kung hindi mo kaya, isagawa mo ito nang nakaupo, datapuwa't kung hindi mo pa rin kaya ay isagawa mo ito nang patagilid"]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

**Puna:**

Kung hindi kayang isagawa ng may karamdaman ang mga naunang binanggit, maari niyang isagawa ang Salah nang nakahiga, ngunit ubligado niyang ibaba o itaas ang kanyang ulo sa tuwing magsagawa siya ng **Ruku`** (pagyukod) at **Sujood** (patirapa).

Datapuwat kung hindi kaya ng may karamdaman na isagawa ang Salah sa takdang oras nito sa tindi ng kanyang karamdaman, maari niyang pagsamahin ang dalawang Salah sa iisang pagkakataon.

- **Ang mga taong hindi ubligadong magsagawa ng Salah.**

1- Ang hindi nasa wastong edad.
2- Ang mga baliw o sira ulo.

- **Ang mga taong hindi nararapat magsagawa ng Salah hangga't hindi sila nakakapaglinis sa pamamagitan ng paligo:**

1- Ang babaing nasa buwanang regla.
2- Ang babaing kapapanganak.

# SALAT AL-MUSAFIR

(Ang pagdarasal ng isang naglalakbay)

Sinabi ng Allah: ﴿وَإِذَا ضَرَبْتُمْ فِي الْأَرْضِ فَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَنْ تَقْصُرُوْا مِنَ الصَّلَاةِ﴾

{At kung kayo ay naglalakbay sa kalupaan, sa gayon hindi masama sa inyo na paikliin ninyo ang Salah (pagdarasal)}. An-Nisa (4): 101

**Ang pagpapaikli at pagsasama ng mga Salah:**

| Ang Qasr (pagpapaikli) at Jam`a (pagsasama) | Ang Oras |
|---|---|
| Fajr (2 rak`ah) Hindi pinapagsama | Sa oras ng Fajr |
| Dhuhr (2 rak`ah) + Asr (2 rak`ah) | Kahit saan sa dalawa |
| Maghrib (3 rak`ah) + Isha (2 rak`ah) | Kahit saan sa dalawa |

**<u>Puna:</u>**
Kung ang taong naglalakbay ay hindi rin naman nasa daan o nasa kalupaan, mas mainam na hindi niya pagsasamahin ang dalawang Salah.

**Ang layo ng pagitan para sa pagpapaikli:**
Ang layo ng pagitan para sa pagpapaikli ng Salah ay nakabatay sa kung ano ang nakagawian ng mga tao upang ito ay matatawag na paglalakbay.
**<u>Puna:</u>**
Magsisimula ang takdang oras ng pagpapaikli kung kailan nilisan ng taong naglalakbay ang kanyang bayan.

**Ang oras ng pagpapaikli:**
Maaaring magpaikli ang taong naglalakbay hanggang hindi niya isinasaloob na siya ay mananatili na sa lugar na kanyang kinaroroonan.
**<u>Puna:</u>**
Kapag mayroong Masjid sa lugar na kinaroroonan ng taong naglalakbay, sa gayon ubligado niyang isagawa ang Salah na kasama ang Imam.

**Ang mga kaaya-aya o ipinahihintulot sa paglalakbay:**
1- Ang hindi pagsasagawa ng As-Sunan Ar-Rawatib (datapuwat huwag kaligtaan ang Sunnah sa Fajr at ang Sunnah sa Witr).
2- Ipinahihintulot ang hindi pagdalo sa Salatul Jumu`ah.
3- Ipinahihintulot ang pagtigil sa pag-aayuno.
4- Ipinahihintulot ang pagpupunas sa medyas sa loob ng tatlong araw.

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
الطبعة الثالثة – مزيدة ومنقحة ١٤٣٧/١٢/١٩هـ